



REQUEST PARA SA IMPORMAL NA PAGSUSURI NG ASSESSMENT PARA SA "PANSAMANTALANG PAGBABA NG MARKET VALUE" SA PISKAL NA TAONG 2018-2019

Para lamang sa single family dwellings, residential condominiums, townhouses, live-work units at cooperative units

Ang taunang request para sa Impormal na Pagsusuri ng Assessment (Prop 8 review) para sa piskal na taong magsisimula sa Hulyo, 1, 2018 at magtatapos sa Hunyo 30, 2019 ay maaari lamang gawin ng may-ari ng property mula Enero 2, 2018 hanggang Marso 31, 2018. Kung ang market value ng inyong property sa petsang Enero 1, 2018 ay nadeterminang mas mababa kaysa sa factored value ng Prop 13 (inasesong halaga), ang inasesong halaga ng inyong property ay ibababa sa market value. Ito ay pansamantalang pagbabawas lamang at hindi nito binabago ang base year value ng inyong property.

Maaari ninyong isumite ang inyong request sa online o ibalik ang nakumpletong form na ito sa: **Assessor-Recorder, ATTN: Informal Review, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall - Room 190, San Francisco, CA 94102.** Sa pamamagitan ng **Fax: (415) 554-7915** o **Email: InformalReviewRP@sfgov.org.** *Mangyaring i-print ng malinaw at magtabi ng isang kopya para sa inyong record.*

1. Impormasyon ng May-ari

Assessor's Parcel Number (APN): _____ Numero ng Bloke: _____ Numero ng Lote: _____

Pangalan ng May-ari: _____

Address ng Property: _____

Mailing Address: _____

Numero ng Telepono sa Umaga: (_____) _____ Email: _____

Halaga ng Pagkakabili: \$ _____ Petsa ng Pagkakabili: _____

Ang market value sa inyong palagay sa petsang Enero 1, 2018 ay: _____

2. Impormasyon ng Data ng Market na Maihahambing

Mangyaring magbigay ng impormasyon ng pagbenta ng mga katulad na property sa inyong lugar at/o ipasa ang kopya ng appraisal na may petsa ng pagpepresyo malapit sa petsa ng lien na January 1, 2018, ngunit hindi lalampas sa Marso 31, 2018.

SALE	ADDRESS	PETA NG PAGBENTA (Dapat ay bago mag-Marso 31, 2018)	PRESYO NG PAGBENTA	DESKRIPSYON NG PROPERTY				
				Piyeng Parisukat (sq. ft.)	Numero ng Silid-tulugan	Numero ng Banyo	Numero ng Paradahan	Binagong Kusina/Banyo?
Subject Property								
1								
2								
3								

Mga karagdagang impormasyon: _____

Pirma ng May-ari

Petsa

ASSESSOR-RECORDER NG SAN FRANCISCO
MADALAS NA MGA KATANUNGAN (FAQS)
IMPORMAL NA PAGSUSURI NG ASSESSMENT

Q1: NANINIWALA AKO NA ANG MARKET VALUE NG AKING PROPERTY AY MAS MABABA SA KASALUKUYANG INASESONG HALAGA. PAANO KO IPOPOTESTA ANG HALAGANG ITO?

Mangyaring i-tsek ang kasalukuyang inasesong halaga ng inyong property sa <http://propertymap.sfplanning.org/>. Kung sa inyong paniniwala ay mas mataas ang inasesong halaga ng inyong property kaysa sa market value, tingnan ang mga sumusunod na opsyon:

- 1. MAG-REQUEST NG IMPORMAL NA PAGSUSURI NG ASSESSMENT** (single family dwellings, residential condominiums, townhouses, live-work lofts at cooperative units lamang) – Mula **Enero 2, 2018 hanggang Marso 31, 2018**, ang Assessor ay tatanggap ng mga request upang suriin ang market value ng inyong property. Kailangan ninyong isumite ang inyong **written request** sa online o sa aming tanggapan, kalakip ang mga sumusuportang ebidensya ng inyong opinion sa halaga. Kung kayo ay nabigyan ng pansamantalang pagbawas noong 2017-2018, awtomatiko naming susuriin ang inasesong halaga para sa 2018-2019. Makikita ang aming kapasiyahan sa Paunawa ng Inasesong Halaga, na ipadadala sa inyo sa Hulyo 2018. Higit na mabuti ang pagsusumite ng request sa online ngunit maaari din ninyo itong ipadala sa: **San Francisco Assessor-Recorder's Office, ATTN: Informal Review, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall - Room 190, San Francisco, CA 94102**. Ang mga mail-in request para sa impormal na pagsusuri ay kailangang may U.S. postmark sa deadline na Marso 31, 2018. Sa pamamagitan ng Fax: (415) 554-7915 o Email: InformalReviewRP@sfgov.org. **Tiyaking magtabi ng kopya para sa inyong rekord.**
- 2. Maghain ng Apela ng Assessment** (Lahat ng uri ng property) – Kung hindi kayo sang-ayon sa pasya ng Assessor, maaari kayong maghain ng **Aplikasyon para sa Binagong Assessment** sa **Assessment Appeals Board (AAB)**, isang independent body na itinatag upang dinggin at lutasin ang mga hindi pagkakaunawaan sa inasesong halaga sa pagitan ng Tanggapan ng Assessor at mga may-ari ng property mula **Hulyo 2, 2018 hanggang Setyembre 15, 2018**. May non-refundable fee na \$60.00 na kailangang bayaran pagkasumite ng aplikasyon at may pagdinig na itatakda ang AAB sa ibang petsa. Makipag-ugnayan sa Assessment Appeals Board para sa forms na kailangan – Clerk of the Board, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall – Room 405, San Francisco, CA 94102, sa pamamagitan ng telepono: (415) 554-6778 o sa website: www.sfgov.org/AAB.

Q2: ANO ANG IBIG SABIHIN NG MARKET VALUE?

Ang market value ay ang halagang maibebenta ang bahay kapag ito ay inilagay sa isang competitive at open market.

Q3: PAANO KUNG ANG AKING KASALUKUYANG INASESONG HALAGA AY MAS MABABA SA MARKET VALUE?

Kailangang itala ng Assessor ang mas mababang factored base year value (inasesong halaga) o ang market value. Halimbawa, kung ang market value ng inyong property (halagang maibebenta ang bahay) sa Enero 1, 2018 ay \$500,000 at ang inyong inasesong halaga ay \$200,000, itatala ng Assessor ang \$200,000 bilang inyong taxable value para sa taong 2018-2019 lamang.

Q4: ANONG TAX YEAR ANG AKING INAAPELA?

Ang inasesong halagang inaaapela ay sumasaklaw sa piskal na taon mula Hulyo 1, 2018 hanggang Hunyo 30, 2019.

Q5: ANONG URI NG IMPORMASYON ANG KAILANGAN KONG IBIGAY UPANG SUPORTAHAN ANG AKING CLAIM?

Kailangan ninyong magsumite ng impormasyon ng pagbenta at/o appraisal na ginawa ng isang lisensyadong real estate appraiser upang suportahan ang inyong claim. **Ang impormasyon ng pagbenta o petsa ng appraisal ay nararapat na malapit hangga't maaari sa petsa ng lien na Enero 1, 2018, ngunit hindi lalampas sa Marso 31, 2018.**

Q6: KUNG ANG ASSESSOR O ANG ASSESSMENT APPEALS BOARD AY SUMANG-AYON NA IBABA ANG AKING HALAGA, MAGIGING PERMANENTE BA ANG BAGONG ASSESSMENT NA ITO?

Hindi po. Ang pagbabawas ay pansamantala lamang at para lamang sa tax year na inaaapela. Ang anumang pagbabawas sa inasesong halaga ay awtomatikong sinusuri taun-taon sa petsa ng lien para malaman kung ang kundisyon ng market ay nagpapakita na ang inasesong halaga ay kailangang ipanatili, ibaba, o itaas.

Q7: BAKIT HINDI KASAMA ANG TENANCY-IN-COMMON (TICs) UNITS?

Hindi katulad ng residential condominiums at cooperative units, ang mga TICs ay walang magkakahiwalay na parcel numbers. Ang pagsusuri ng isang TIC unit ay mas kumplekado. Maaaring iapela ng mga may-ari ng TIC units ang kanilang inasesong halaga sa pamamagitan ng paghahain ng **Aplikasyon para sa Binagong Assessment** sa **Assessment Appeals Board** mula Hulyo 2, 2018 hanggang Setyembre 15, 2018.

Q8: KAILAN AKO AABISUHAN SA RESULTA NG AKING REQUEST PARA SA IMPORMAL NA PAGSUSURI NG ASSESSMENT?

Ang mga may-ari ng property ay aabisuhan sa resulta ng impormal na pagsusuri ng assessment sa taunang **Paunawa ng Inasesong Halaga** na ipadadala sa mail sa katapusan ng Hulyo 2018.

***Sa kaganapan ng anumang pagkakasalungatan sa pagitan ng Ingles na bersyon at ang mga isinalin na bersyon, ang Ingles na bersyon ay mangingibabaw, sa lawak ng naturang hindi pagkakatugma o salungatan*